# PAGBABASA-BASAHAN

*ni:*
**Grace B. Almario**

Isa sa pinakamahalagang makrong kasanayan na dapat taglayin at mahubog sa isang indibidwal ay ang pagbasa. Kakambal ng pagsulat, ito ay itinututuring na isang napakamakapangyarihang sandata na magagamit ng isang tao saan man siya mapadako, mapaloob o labas man iyan ng bansa. Itinuturing din ito na isang ehersisyo ng pag-iisip at isang kasanayang pang-intelektuwal lalo na kung mataas ang komprehensyon ng isang tao. Libangan din ito kung tutuusin, isang libangang hindi lamang kasiyahan ang dulot bagkus ay kasama na rin ang pagdaragdag sa mga kaalaman ng mambabasa. Sa kasalukuyan, habang patuloy ang pag-usbong ng iba't ibang midyum na kung saan ay mas maaaring maglibang ang mga kabataan, kapansin-pansin ang kawalang interes sa pagbasa ng mga mag-aaral. Nakalulungkot na konsepto ito lalo na at ang pagbabasa ay hindi matutumbasan ng kahit anong libangan pa. Bukod pa sa katotohanang ang pagkahilig rito ay makapagpapataas sa antas ng karunungan ng isang kabataan. Nakaaalarma nga lamang at tila ba mas alam pa ng kabataan ang mekanismo ng mga social media at mobile games kumpara sa kung ano ang parte at nilalaman ng isang libro. Tila nga mas maigting na ang impluwensya ng mga laro kumpara sa kakayahan ng mga aklat. Ito ay hindi dapat mgpatuloy sapagkat ang pagbabasa ang isa sa mga susi upang ang kasalukuyang mga kabataan ay maging kompetitibo sa kinabukasan kahit sa ano pang larang.

Mula pa sa elementarya, kakikitaan na ng pagpupursigi ang mga kaguruan na pagpunyagian ang pagkatutong bumasa ng mga mag-aaral. Isa sa pinakamatinding dahilan ay upang maihanda sila sa mas malawak na konteksto ng pagbasa sa sekondarya at lalo na sa kolehiyo. Kung iniisip ng isang kabataan na hindi naman makatutulong ang pagbasa sa kanyang trabaho lalo na kung ang kanyang trabaho ay simpleng

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

pagkukumpuni lamang, isa ito sa dapat maipamulat na ang konsepto ng pagbabasa ay hindi lamang umiikot sa nga kwento at literatura bagkus ay sa mga bagay na may kinalaman sa propesyon tulad ng mga panuto, teknikalidad sa pag-uulat, ilan sa mga ito. Ika nga ng isanv manunulat, mahihirapan ang mga mag-aaral kung nagkakaproblema sila sa pagbabasa at kung hindi rin ito maagapan kaagad at hahayaan lamang

ng mga kaguruan at magulang. Mas mahihirapan umano sila sa paghahanap ng disenteng trabaho at pagiging independente (Jamandra, 2014).

Kung tutuusin, marami pa rin naman ang nahihilig sa pagbbasa sa kasalukuyang panahon na mga kabataan ngunit hindi nga lamang sa mga akademikong teksto bagkus ay sa mga tekstong panlibangan lamang katulad ng mga kwento sa Wattpad (isang e-book na aplikasyon kung saan ang mga manunulat sa kahit anong edad ay maaaring makapaglathala ng kanilang mga kwento sa kahit anong tema at maaari itong mabasa ninuman). Iyon nga lamang at nakababahala ang ilang nilalaman nito na nababasa ng mga kabataan. Maraming kwento sa aplikasyong ito ang hindi maitatangging naglalaman ng hindi akma sa kabataang mambabasa kaya sa halip na sa makabuluhang kwento sila mamulat ay sa ibang bagay sila nagigising. Wala namang mali sa ganito ngunit kung ito ay lilimiin, ang mga kabataan sa kasalukuyang panahon ay masyadong mapusok at madaling mahimok. Isa itong halimbawa ng pagbasa na hindi layuning matuto at mapataas ang kaalaman bagkus ay pawang libangan na lamang. Sinusugugan ito ni Paguio (2018) at sinabing ang mga kabataan nga ngayon ayon sa napakaraming eksperto ay kapansin-pansin na bumababa ang bilang kung ang pagbabasa ng aklat, magasin at pahayagan ang pagbabasehan.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Kaugnay ng nabanggit, isa sa mga maaaring malaking salik ang kalumaan ng porma ng pagbabasa ng mga kurikulum at ng mga teksto na hindi na naaayon sa interes ng mga kabataan. Kumbaga, hindi na ito kasing interaktibo kung ikukumpara sa mga e-books at iba pa, bukod pa sa katotohanang bitin ang bilang ng mga teksto na maaaring basahin ng mga mag-aaral. Kung interaktibo kasi ang moda ng pagbasa, kakikitaan ng aktibing

partisipasyon ang mga mambabasa nito (Molina, 2014). Isa sa pinakaepektibong paraan ang pagaakma sa edad ng mga mambabasa sa mga tekstong ipababasa. Maaaring magmula mismo sa mga mag-aaral ang babasahin nilang kuwento at teksto nang sa gayon ay mapaunlad din nila ang kanilang kakayahan sa pagsulat. Bukod pa rito, kung naaakma sa preperensya ng mga etudyante ang babasahin, mas makaka-relate ika nga sila dito. Isa rin ito sa nakikitang problema ng mga guro kung ang mga teksto ay masyadong pormal at teknikal na nakabuburyo kung basahin lalo na kung sa matahimik na paraan. Higit pa sa nabanggit, mainam din ang pagkakaroon ng interaktibong klase kung saan ang gawain ay ang pagbabasa at komprehensyon ngunit sa paraan na palaro. Ilan ito sa mga estratehiyang maaaring makapagsalba sa kawalang-interes at sa kakayahang makaintindi at bumasa ng mga mag-aaral. Gayunpaman, dapat ay masimulan ito sa elementarya pa lamang.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Malaki ang gampanin ng pagbasa hindi lamang sa kaunlaran ng bansa bagkus ay mas lalo na sa kaunlarang pansarili ng isang indibidwal. Kung siya ay nakababasa at nakasusulat, tiyak na hindi siya mapag-iiwanan sa anumang propesyong kanyang nanaising kunin. Mula sa bahay hanggang sa paaralan ay dapat paglaanan ito ng oras ng mga may kinalaman dito. Isang napakaiigayang ideya ang pagkakaroon ng isang bansa na isandaang porsyento ng mga mamamayan ay nakababasa. Sa kasalukuyan, mataas naman ang bahagdan ng literacy sa Pilipinas ngunit kung mapag-uukulan ng pansin ang pagbasa nang may saysay, mapagtatagumpayan ang unang nabanggit na mithiin. Hindi lamang kasi basta karunungan sa pagbasa ang kailangan ng kasalukuyang henerasyon bagkus ay may saysay at may komprehensyong pagbasa na iang epektibong paraan sa pakikipagsapalaran.

*Sanggunian:*

Molina, G. (2014). Mga Estratehiya sa Pagbasa. Hinalaw noong Pebrero 12, 2019 mula sa https://study-everything.blogspot.com/2014/06/mga-estratehiya-sa-pagbasa.html?m=1

Paguio, R. (2018). Kahalagahan ng Pagbabasa ng mga mag-aaral. Hinalaw noong Pebrero 10, 2019 mula http://udyong.gov.ph/index.php?option=com_content&view=article&id=9635kahalagahan-ng-pagbabasa-ng-mga-mag-aaral&catid=90&Itemid=1267

Jamandra, K. (2014). Kahalagahan, Kabutihan at Kagandahan ng Pagbabasa. Hinalaw noong Pebrero 11, 2019 mula sa alaminmokasi.com

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan